# INSTABRIGHT e-GAZETTE

ISSN: 2704-3010
Volume IV, Issue I
August 2022
*Available online at https://www.instabrightgazette.com*

*********************************************************************************************

# PILIPINAS KONG MAHAL, PINANDAY AT PINAGTIBAY SA HAMON NG PANDEMYA

ni: **WILSON B. PAMPLONA**

Luzon, Visayas, Mindanao, Pilipinas kong tanglaw
Dagli't ika'y nasakop nitong pagsubok na hawig sa balaraw,
Isa, dalawa, tatlo mga tao'y nagkalugmok-lugmok
Hindi ito pagmumukmok kundi'y sadyang masaklap na dagok

Hagupit nitong pandemya, maraming tao ang mga nalito
Facemasks, faceshields at alcohol nangagsilbing pananggalan ng mga tao,
Maraming nawalan ng trabaho at tila baga naging dehado
Tila masaklap na istorya sa isang pelikula at lahat ay naging disiplinado.

Ekonomiya nati'y bumagsak at bigla na lang lumagapak
Daig pa ang mga halakhak ng pusong nanaghoy sa lusak,
O bansang Pilipinas labis kang pinaghirap
Mga hamong sagad sa buto ang saiyo'y pinalasap.

Sa larangan ng edukasyon, laking dulot ay kunsumisyon
Pagpasok sa ekwela'y inantala ng maraming kondisyon,
Subalit hindi natinag, tumayo at namayagpag
Walang salita ng pagsuko at kailanma'y hindi nabagabag.

*********************************************************************************************

**Editorial Team**

**Editor-in-Chief**: Alvin B. Punongbayan
**Associate Editor**: Andro M. Bautista
**Managing Editor**: Raymart O. Basco
**Web Editor**: Nikko C. Panotes

**Manuscript Editors / Reviewers**:
Chin Wen Cong, Christopher DC. Francisco, Camille P. Alicaway, Pinky Jane A. Perez,
Mary Jane B. Custodio, Irene H. Andino, Mark-Jhon R. Prestoza, Keive O. Casimiro, Ma. Rhoda E. Panganiban
Rjay C. Calaguas, Mario A. Cudiamat, Jesson L. Hero, Albert Bulawat, Cris T. Zita, Allan M. Manaloto

*********************************************************************************************

# INSTABRIGHT e-GAZETTE
ISSN: 2704-3010
Volume IV, Issue I
August 2022
*Available online at https://www.instabrightgazette.com*

****************************************************************************************************

Madami ang nangamatay at buhay ay naging malungkot
Takot ang naging dulot nitong pandemyang daig pang isang salot,
Kaya't kung nais mo pang mabuhay, sumunod at wag maging palalo
Makiisa at maging mapagmatyag nang sarili'y di biglang maglaho.

Ako, ikaw, siya, tayo'y mga pinanday na Pilipino
Hindi man naging perpekto ngunit sadyang maraming naging estilo,
Bigo man sa pag-ibig, kabuhayan at pangangailangan
Alab ng lahing Pilipino unos man ay di uurungan.

Kaya't aking kaibigan huwag ka nang magmaang-maangan
Pag-mamalasakit sa kapwa isabuhay at gawin mong tangan,
Munting tinig ay iyong dinggin ng uhaw na puso sa karimlan
Tayong lahat ay maghawak kamay, tumindig sa diwa ng bayanihan.

Huwag nating kaliligtaan mga alituntuni'y gawaing pamantayan
Kaligtasan isa-alang-alang, pakaisipin ang ating Inang Bayan,
Kapit bisig at manalig sa Diyos na siyang pinakamakapangyarihan
Pandemya'y di-magwawagi, kung pag-asa'y laging mananahan.

****************************************************************************************************

**Editorial Team**

**Editor-in-Chief**: Alvin B. Punongbayan
**Associate Editor**: Andro M. Bautista
**Managing Editor**: Raymart O. Basco
**Web Editor**: Nikko C. Panotes

**Manuscript Editors / Reviewers**:
Chin Wen Cong, Christopher DC. Francisco, Camille P. Alicaway, Pinky Jane A. Perez,
Mary Jane B. Custodio, Irene H. Andino, Mark-Jhon R. Prestoza, Keive O. Casimiro, Ma. Rhoda E. Panganiban
Rjay C. Calaguas, Mario A. Cudiamat, Jesson L. Hero, Albert Bulawat, Cris T. Zita, Allan M. Manaloto

****************************************************************************************************